Pangalan: ____________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pag-uugnay ng Karanasan sa Teksto

**I. Panuto:** Tukuyin kung tama o mali ang isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat ang salitang **Tama** o **Mali** sa patlang.

_________1. Ang napakinggang kuwento ay maaaring iugnay sa iyong sariling karanasan.

_________2. Hindi lahat ng kuwento ay kapupulutan ng aral.

_________3. Ang karanasan ay binubuo lamang ng masasayang pangyayari.

_________4. Madaling mauunawaan ang binabasang kuwento kung maiuugnay mo ang iyong karanasan dito.

_________5. Ang karanasan ay maaaring maganda, malungkot, nakaiiyak, at kapana-panabik.

_________6. Ang balita ay tawag sa bahagi ng buhay na maaaring masaya o malungkot subalit may hatid na aral.

_________7. Ang karanasan ay mga pangyayaring nagaganap sa iyo sa araw-araw.

_________8.Ang mga pangyayari sa kuwento at balita ay kagaya ng ginagawa mong pagtulong sa iyong kapuwa.

_________9.Ang mga ito ay hindi dapat pahalagahan dahil ang mga ito ay kapupulutan mo ng aral at alaala.

_________10.Mas maiintindihan mo ang nangyayari sa iyong kapaligiran kung maiuugnay mo rito ang sarili mong karanasan.

**II. Panuto:** Alamin kung ano ang karanasan ni Mirna kasama ang kaniyang kaibigan.Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat ang mga sagot sa nakalaang patlang.

**Nalalapit na Kaarawan ni Mirna**

**ni Susan V. Molina**

Malapit na ang kaarawan ni Mirna. Nais niyang pumunta ang kaniyang matalik na kaibigan sa kaniyang kaarawan. Gumawa siya ng liham para sa kaniyang kaibigan.

Bonbon Poblacion
Looc, Occ. Mindoro
Ika-5 ng Hulyo, 2021

Mahal kong Nancy,

Kumusta ka na? Sana ay nasa mabuti kang kalagayan. Kami ay mabuti naman dito.

Nalalapit na ang aking kaarawan, sana ay makapunta ka rito sa bago naming tirahan.

Naalaala mo pa ba noong diyan pa ako nag-aaral? Lagi mo akong tinutulungan sa aking mga takdang-aralin. Tinuturuan mo rin ako sa Mathematics at English. Hindi ko malilimutan ang mga panahong magkasama tayo palagi. Nag-aaral na akong mabuti ngayon. Sa katunayan nga ay mataas ang marka ko sa Mathematics at English.

Mababait naman ang mga kaklase ko rito sa bago kong paaralan.

Aasahan ko ang iyong pagdating sa aking kaarawan. Lagi ka sanang mag-iingat.

Ang iyong kaibigan,
Mirna

1. Sino ang magkaibigan sa kuwento?

______________________________________________

2. Ano ang ginawang paraan ni Mirna para anyayahan ang kaniyang kaibigan?

______________________________________________

______________________________________________

3. Ano ang hindi malilimutang karanasan ni Mirna kasama si Nancy?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Ano ang karanasang hindi mo malilimutan kasama ang iyong kaibigan?

______________________________________________

______________________________________________

5. Magbigay ng isang halimbawa kung paano ka nakatulong sa iyong kapuwa.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Nakarating kay Nancy ang liham at agad niya itong sinagot. Siya ay dadalo sa kaarawan ng kaniyang kaibigang si Mirna. Isasama niya ang kaniyang mga magulang at kapatid.